# Ang sinumang sumumpa at nagsabi: Tunay na ako ay walang kaugnayan sa Islam; kung siya ay nagsisinungaling, siya ay gaya ng sinabi niya; kung siya naman ay nagsasabi ng totoo, hindi siya babalik sa Islam nang buo.

Ayon kay Buraydah, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah: Ang sinumang sumumpa at nagsabi: Tunay na ako ay walang kaugnayan sa Islam; kung siya ay nagsisinungaling, siya ay gaya ng sinabi niya; kung siya naman ay nagsasabi ng totoo, hindi siya babalik sa Islam nang buo."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang kahulugan ng hadith: Ang sinumang nanumpa at nagsabing siya ay walang kaugnayan sa Islam o nagsabing siya ay Hudyo o Kristiyano o Kāfir o Ateista, ang kalagayan niya ay hindi makalalabas sa dalawang kalagayan: Ang Unang Kalagayan: Na siya ay nagsisinungaling sa panunumpa niya, gaya ng pagsumpa niya, halimbawa, na siya ay walang kaugnayan sa Islam. Kung ang usapin ay ganito samantalang siya ay nagsisinungaling sa ipinapahayag niya, gaya ng kung sakaling ibinalita niya na si Zayd ay dumating ngayong araw mula sa biyahe at nanumpa siya sa kawalang kauganyan sa Islam o na siya ay Hudyo o Kristiyano o Mushrik habang nalalaman niya ang pagsisinungaling ng sarili niya, siya ay gaya ng sinabi niya na kawalang kaugnayan sa Islam o pagiging Hudyo o Kristiyano. Ang Ikalawang Kalagayan: Na siya ay tapat sa sinabi niya, gaya ng kung sakaling nanumpa siya sa kawalang kaugnayan sa Islam o pagiging Hudyo o Kristiyano o na si Zayd ay dumating ngayong araw mula sa biyahe niya o hindi niya ginawa ang bagay na ito samanalang siya ay tapat sa isinumpa niya, siya sa kalagayang ito ay hindi makababalik sa Islam nang buo gaya ng sinabi ng Sugo, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Mababawasan ang kalubusan ng pagiging Muslim niya dahil sa namutawi sa kanya na pananalitang ito dahil ng karumalan nito at kapangitan nito. Ṭarḥ At-Tadrīb 7/167 at Sharḥ Riyāḍ aṣ-Ṣāliḥīn ni Ibnu `Uthaymīn 6/453.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee